# Tatlong oras na ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ay nagbabawal sa atin na magdasal tayo rito,o ilibing natin rito ang mga namatay sa atin: Sa oras na sumikat ang araw sa pag-usbong nito hanggang sa pumataas,at sa oras na nasa tapat ng tanghali hanggang sa lumihis ang araw,at sa oras na nagsisimula ang araw sa paglubog hanggang sa lumubog.

Ayon kay `Uqbah bin `Āmir, malugod si Allāh sa kanya.Nagsabi siya:((Tatlong oras na ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ay nagbabawal sa atin na magdasal tayo rito,o ilibing natin rito ang mga namatay sa atin: Sa oras na sumikat ang araw sa pag-usbong nito hanggang sa pumataas,at sa oras na nasa tapat ng tanghali hanggang sa lumihis ang araw,at sa oras na nagsisimula ang araw sa paglubog hanggang sa lumubog.))
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ipinapaalam ni `Uqbah-malugod si Allah sa kanya-ang tungkol sa tatlong oras na ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay ipinagbabawal niya sa mga kasamahan niya na magdasal rito o ang maglibing rito ng mga patay,At ang ibig sabihin ng oras dito ay mga punto ng oras: ibig sabihin ay tatlong puntong oras na ipinagbabawal ng Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang pagdarasal at paglibing rito,at ito ang oras na ipinagbabawal , makitid at malapot.Ang unang oras:"Sa oras na sumikat ang araw sa pag-usbong nito hanggang sa pumataas,"Ibig sabihin ay,sumikat sa abot-tanaw na malinaw dahil sa sikat nito at liwanag nito hanggang sa pumataas sa abot-tanaw;At dumating sa ibang salaysay ang sukat ng pagtaas, Na ito ay kasing-sukat ng palaso,At sa isang salaysay:((Tataas ito na kasing taas ng palaso o dalawang palaso)) tulad ng naisalaysay ni Imam Abe Dawud mula sa Hadit ni Ibn `Ar bin `Abasah-malugod si Allah sa kanya-At ang palaso ay kilala sa mga Arabo,.ito ay sandata na ginagamit nila sa pandarambong nila.At ang Pangalawa ay:"Sa oras na nasa tapat ng tanghali,ibig sabihin ay;kapag gumitna ang araw sa gitna ng kalangitan;at kapag umabot sa gitna ng kalangitan at magiging matulin ang paggalaw ng anino hanggang sa ito ay lumihis,Kaya`t makaka-isip ang nakakakita,Ang tagapagmuni-muni,Na siya ay nakatayo habang ito ay gumagalaw,liban sa ng paggalaw niya ay matulin,At tinatawag ang kalagayang ito ng Nanonood na: "Sa tapat ng tanghali" Ang oras na ito ay ipinagbabawal ang pagdasal ng kusang-loob hanggang sa lumihis ang araw;ibg

sabihin ay; mula sa kalagitnaan ng kalangitan,at makikita ang anino mula sa bandang Silangan,at ito ang tinatawag na Anino sa paglihis.At ang oras na ito ay maikli lamang,at sinukat ito ng mga may Kaalaman na limang minuto at ang ilan ay sampung minuto. At ang Pangatlo ay:" Sa oras na magsisimula ang araw sa paglubog hanggang sa lumubog"Ibig sabihin ay mahuhulog at magsisimula sa paglubog at magpapatuloy ang pagbabawal hanggang sa ito ay lumubog.At ito ang tatlong oras na kung saan ay ipinagbabawal rito ang dalawang bagay:Ang Una:Ang Kusang-loob na dasal kahit na ang mga ito ay may dahilan;tulad ng dasal sa pagpasok sa Masjid,at dalawang tindig na dasal para sa natapos magsagawa ng Wudhu,at Dasal sa Eklips [eclipse], dahil sa kabuuang nabanggit sa Hadith,Ngunit ang mga obligadong dasal ay hindi ipinagbabawal sa mga Oras na Ipinagbabawal kahit na ang Hadith ay sa kabuuan,Ngunit ang pagiging kabuuan nito ay nagsasaalang-alang sa Hadith ni Abe Qatada-malugod si Allah sa kanya-( Sinuman ang nakatulog sa oras ng dasal o nakalimot nito,Magdasal siya nito sa oras na maalala niya) Napagkaisahan sa katumpakan Ang pangalawang bagay ay ang paglibing sa mga patay.Hindi ipinapahintulot ang paglibing sa patay sa ipinababawal na oras,At kung nahatid na ang patay sa libingan sa tatlong oras na ipinagbabawal,Maghihintay ito hanggang sa lumipas ang ipinagbabawal na oras bago ito ilibing,At kapag nagsimula sila sa paglilibing ng patay bago ang paglihis at naantala ang paglibing dahil sa anumang nakahadlang,at nagkataon na inabutan ng ipinagbabawal na oras habang sila ay [nasa kalagitnaan] ng paglilibing sa patay,magpapatuloy sila at huwag silang tumigil,sapagkat hindi nila layunin ang paglibing sa mga sa ipinagbabawal na oras na ito,Gayundin ang sinumang nagdarasal ng kusang-loob,pagkatapos ay pumasok ang ipinagbabawal na oras habang siya ay gumaganap [ng dasal],ipagpatuloy niya ito;At ang patakaran ng mga may kaalaman,Kaawaan sila ni Allah-Pinapatawad sa nagpapanatili at hindi pinapatawad sa nagsisimula.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10604

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee